# tunay na ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at si Abū Bakar at si 'Umar,ay binubuksan nila ang pagdarasal sa {Ang lahat ng Papuri ay sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilikha}

Ayon kay Anas malugod si Allah sa kanya-: tunay na ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at si Abū Bakar at si 'Umar,ay binubuksan nila ang pagdarasal sa {Ang lahat ng Papuri ay sa Allah, Panginoon ng lahat ng nilikha} dinagdagan ni Imām Muslim: Hindi nila hinahayag ang Sa Ngalan ng Allah Ang Mahabagin Ang Maawain} sa unang pagbasa at wala din sa huli nito.At sa isang salaysay ni Imām Ahmad, at Imam An-Nisāie at Imam Ibn Khuzaymah: Hindi sila naghahayag sa { Sa Ngalan ng Allah Ang Mahabagin Ang Maawain}, at sa ibang salaysay ni Imam Ibn Khuzaymah: Sila ay hindi naghahayag rito, at dahil dito, isinasaalang-alang ang pagtanggi sa naisalaysay ni Imam Muslim, bilang pagsalungat sa mas mataas rito

[Tumpak sa bawat salaysay] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Khuzaymah - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad - Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinapahayag ng Marangal na Hadith na ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan at ang dalawang kasamahan nito malugod si Allah sa kanilang dalawa- at hindi sila nagbasa ng Sa Ngalan ng Allah na hayag sa unang Al-Fātihah sa kalagayan ng Dasal,at ay nagpapatunay na ang Sa Ngalan ng Allah ay hindi kabilang sa Al-Fātihah.Nagsabi ang Allajna Addā-imah Lil-iftā: At ang Tumpak at ang Sa Ngalan ng Allah ay hindi kabilang sa Al-Fātihah at hindi sa iba nito,ngunit siya ay talatang namag-iisa mula sa Qur-an, at iilan sa mga talata sa Kabanata ng An-Naml sa pagsabi Niya:{Katotohanang ito ay nagmula kay Sulaimān at ito ang Sa Ngalan ng Allah Ang Mahabagin Ang Maawain} at Sunnah na ito ay binabasa sa panimula ng bawat kabanata, maliban sa Kabanata ng Attawbah, At ang Sunnah ay ang pagbabasa dito bago ang Al-Fātihah sa dasal na hindi hinahayag ang pagbibigkas



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee